

LITO & CARDING:

A Friendship That Blooms & Flows



Ang Magsasaka at ang Mangingisda

Hazel Ann Dayrit

LITO - A NEW DAY BEGINS



Si Lito ay isang masipag na magsasaka sa gitna ng malawak at luntiang bukirin. Tuwing umaga, binabati niya ang sumisikat na araw habang inihahanda ang kanyang mga kagamitan sa pagsasaka.



Sa kabilang dako ng nayon, nakatira ang kanyang matalik na kaibigang si Carding na isang mangingisda. Maaga pa lang ay nasa dagat na siya, lulan ng kanyang maliit na bangka para manghuli ng sariwang isda.



Masayang nagtatanim si Lito ng mga binhi ng palay sa ilalim ng mainit na sikat ng araw. Ang kanyang mga paa ay nakabaon sa putikan habang umaawit siya ng isang masayang himig sa gitna ng bukid.



Samantala, inihahagis naman ni Carding ang kanyang malaking lambat sa asul na dagat. Pinapanood niya ang pagsayaw ng mga alon habang matiyagang hinihintay ang pagdami ng kanyang huli.



Isang araw, dumating ang malakas na ulan at hangin sa kanilang payapang nayon. Ang mga puno ay sumasayaw sa lakas ng ihip ng hangin at ang dagat ay naging maalon at madilim.



Nang tumigil ang ulan, agad na tiningnan ni Lito ang kanyang mga pananim sa bukid. Masaya siya dahil ligtas ang kanyang mga palay, ngunit wala siyang ulam na isda para sa kanyang hapunan.



Si Carding naman ay nakahuli ng maraming isda pagkatapos ng bagyo, ngunit naubusan na siya ng bigas na isasaing sa kanyang bahay. Tumingin siya sa malayo at agad na naisip ang kanyang kaibigang si Lito.



Nagkita ang dalawang magkaibigan sa ilalim ng isang malaking puno ng mangga sa pagitan ng bukid at dagat. Dala ni Lito ang isang sako ng mapuputing bigas, habang si Carding ay may dalang basket ng sariwang isda.



Masayang nagpalitan ang dalawa ng kanilang mga ani at huli sa ilalim ng puno. Nagpasalamat sila sa isa't isa dahil sa tulong na naibigay nila sa oras ng pangangailangan at gutom.



Noong gabing iyon, sabay na kumain ang pamilya nina Lito at Carding ng masarap na kanin at pritong isda. Ito ay isang magandang paalala na ang pagtutulungan at pagbabahagi ay nagdadala ng tunay na kaligayahan sa lahat.